



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

ANG IYONG MAKUKUHA SA MGA SALAH SA GABI

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sohba, wal khayru fil jamiyya.*

Ang buhay ng banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam ay ilaw sa atin. Ang kanyang salita ay ilaw para sa atin. Sila'y daan upang makaalis tayo sa madilim na buhay nna ito ng ligtas. Maraming nawawala sa landas dahil sa kadiliman o kasamaan ng ibang tao kahit na maliwanag pa ang araw.

Maganda ang salita ng banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Ang isa sa mga lubos niyang ninais ay ang pagsalah sa gabi. Sabi niya ang dalawang rakaat ng salah sa gabi ay mas mabuti pa sa isang daang rakaat ng salah sa umaga at hapon. Sunnah ang pagsalah ng dalawang rakaat bago matulog. Ito'y mabibilang bilang Qiyamul Layl.

Ito ang makukuha mo bago matulog. Ang Tahajjud ay isang salah na maaari mong gawin pagkagising sa kama. Pag ika'y di natulog at buong magdamag na nagsalah, ito'y Qiyamul Layl lang. Maraming Awliya ang kayang di matulog buong gabi pero natutulog pa rin sila ng 15 o kalahating oras para makuha ang Tahajjud. Sunnat ito at sila'y tumatayo para gawin ito.

Sura Muzzammil ang isa sa mga unang surah na binigay sa banal na propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Sabi doon Tumayo ka at magdasal. Dati ang limang salah ay di pa wajib. Ang ating pinuno na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam ay magdadasal buong magdamag hanggang sa sumakit ang paa niya. Pagkatapos nun iniutos na ng Allah na gawin konti ang pagsalah. Hindi mo kailangan magdasal ng buong magdamag. Magsalah ka ng kaunti sa gabi upang maging maayos o madali ang buhay sa mundo at matulungan ka sa akhira. Ito ang madaling daan na pinakita ng Allah jalla jalaluhu.

Tahajjud at Qiyamul layl ang isa sa mga utos sa mga pumasok sa tariqa. Kahit man lang 2 rakaat bago ang fajr ay pwede na upang makuha ang barakah ng Qiyamul Layl na parang buong gabi nagsalah. Magiging maliwanag ang buhay mo.

1. Nur
2. Qiyamul Layl
3. Fard
4. Fajr

Ang kadiliman ay kalat na dahil sa nasa huling mga araw na tayo. Kailangan na natin ng ilaw. Magiging mahina ang iman mo dahil sa kadiliman, Ang ilaw ang makakapalakas sa Iman mo at makakatulong sayo.



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Ang tulong ay magmumula lang sa Iman. Ang mga walang iman ay nasa kadiliman. Walang makakabigay ng Tulong na binibigay ng Allah. Kahit na artipisyal ay mawawala din. Sundan natin ang bigay at sabi ng Allah. In Sha Allah mapunong ang kalooban natin ng Iman at Nawa'y makuntento sa inyo ang Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
7 August 2016/ 4 Zulqida 1437
Sabah Namaz, Akbaba Dargah

5. Iman